



ILITAW SI LEO VELASCO!

Sino si Ka Leo?

Si Kasamang Leo Velasco ay kabilang sa ilampung libong naglitawang magiting na mandirigmang Pilipino sa kanilang pakikibaka para sa pambansang kalaan, katarungan, demokrasya, kapayapaan at tunay na kaunlaran. Isa siya sa mahuhusay na lider ng rebolusyong Pilipino.

Sa araw ding ito, 56 na taon na ang nakararaan, ipinanganak si Ka Leo sa Olongapo, Zambales. Maaga siyang namulat sa api at di pantay na pagtrato sa mga Pilipinong manggagawa kumpara sa mga pribilehiyadong Amerikano sa Subic Naval Base, kung saan nagtrabaho ang kanyang ama. Sa paghahangad na maging manggagamot, pumasok siya sa College of Medicine ng University of the Philippines noong 1970 at sumapi sa Progresibong Kilusang Medikal (PKM). Sa inspirasyon ng Unang Sigwa ng 1970, masugid siyang lumahok sa pakikibaka para sa mga pambansa-demokratikong karapatan at interes ng sambayanan.

Mahigit nang anim na buwan mula nang garapang dukutin ng mga operatibang militar ng rehimeng Arroyo si Kasamang Leo Velasco sa Cagayan de Oro City. Sa harap ng maraming tao, sampilan siyang isinakay ng mga militar sa kanilang *van*, kasabay ang pagpapakilala sa sarili bilang mga pwersang panseguridad at pagbabanta sa mga tao sa paligid na "huwag makialam."

Si Ka Leo ay isa sa mga namumunong kagawad ng Komite Sentral at upisyal ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral (KT-KS) ng Partido Komunista ng Pilipinas. Nagsisilbi rin siyang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa usapang pangkapayapaan sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Inaamin ng mga upisyal militar na si Ka Leo ay matagal na nilang gustong dakpin at patayin.

Mariing kinukundena ng PKP at buong rebolusyonaryong kilusan ang duwag na pagdokot kay Ka Leo, ang walang pakundangang paglabag sa kanyang mga kapatian at ang patuloy na pagtanggi ng reaksyunaryong gubyerno at militar na ilitaw siya. Walang habas ang pasistang karahasan ng rehimeng Arroyo sa lahat ng masugid na lumalaban sa bulok na papet at reaksyunaryong gubyerno, estado at sistemang panlipunan.

Estudyante pa lamang siya sa medisina'y may marubdob na pagnanais na siyang makapaglingkod sa mamamayan sa pamamagitan ng paggamot sa mga maysakit. Lumahok siya sa mga misyong medikal sa mga maralitang komunidad. Doo'y nakita niyang ang laganap na mga sakit ng tao ay sintomas lamang ng malalalim na sakit ng buong sistemang panlipunan.

Sa pagpapalalim ng pagsusuri ay nakita niyang nauugat ang mga ito sa mga saligang suliranin ng imperyalismong US, laganap na pyudalismo at malalang burukrata kapitalismong humantong na sa pasismo. Nagpasya siyang ialay ang buong buhay sa puspusang pakikibaka para sa mga interes at adhikain ng mamayyan, lalong-lalo na ng masang anakpawis.

Buhay rebolusyonaryo

Tumungo siya sa kanayunan, kumilos at lumahok sa mga pakikibaka sa hanay ng maralitang masang magsasaka. Doo'y tuluy-tuloy niyang isinapraktika at pinaunlad ang panimulang mga natutunan niya sa medisina. Naging mahusay siya sa *acupuncture* at iba pang paraan ng panggagamot. Isa siya sa mga pangunahing naging guro na nagbigay ng pagsasanay sa iba pang mga manggagamot na naglingkod sa masa.

Kasabay nito'y naging mahusay siyang pampulitikang instruktor at may malaking naiambag sa pagmulat, pag-oorganisa at paglulunsad ng mga pakikibakang masa. Ipinamalas niya ang sipag sa pag-aaral at talas ng pagsapol at pagpapaliwanag ng mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo, istratehiya at taktika. Masigasig siya sa pagdiskubre at pagtuturo ng mga bagong kaalaman. Sa iba pang linya ng gawain, mga kumperensya at pagpupulong, lagi siyang aktibo sa paglilinaw ng mga susing kawing ng mga gawain, paghahapag ng mga bagong ideya at taktika sa


pagharap sa samu't saring usapin, laluna sa praktikal na pagpapatupad ng mga ito.

Mulat na sinuong at pinangibabawan niya ang lahat ng kahirapan at pagpapakasakit—gutom, puyat, sakit, mahahaba at mahihirap na lakaran o matatarik na akyatin, matitinding operasyong militar ng kaaway sa kanayunan, pagtugis ng kaaway sa kalunsuran, pagkawalay sa mga magulang, asawa't anak. Tanging sandata niya ang mahigpit na pagyakap sa makatao't makatarungang layunin ng pambansa-demokratiko at proletaryong rebolusyon.

Kilala si Ka Leo bilang mapagmahal at mahusay na asawa at ama. Sa gitna ng mga kahirapan sa buong-panahong pagkilos at paglalaan ng buhay sa rebolusyon, ang madalang na pakikipagkita sa asawa't anak ay palaging masaya, makabuluhang at mabungang mga okasyon.

Siya ay mapagmahal at maalalahanin sa mga kasama. Mahilig siyang mamigay ng mga bagay na mayroon siya. Lagi siyang mabilis umagapay sa mga kasamang nasa kagipitan at humaharap sa mga suliranin. Maraming kwento ang mga kasama at masa tungkol sa kanyang matiyagang pag-aasikaso sa mga may sakit, sa kanyang pagiging simple at madaling kausap. Mabilis niyang makuha ang loob ng mga kasama at masa. Subalit istrikto rin siya sa disiplinang pang-organisasyon at sa pagtupad ng mga gawain. Marami ang natuto sa kanyang mahusay na aktitud at istilo ng paggawa at pamumuno.

Sa lahat ng pagkakataon, ipinamamalas ni Ka Leo ang katata-



Leo Velasco, 1998

gan kahit sa harap ng matitinding kahirapan. Kabilang siya sa mga mandirigmang ilang buwang naglakad sa mga kabundukan at kagubatan ng Sierra Madre noong dekada 1980 noong panahong matindi at walang tigil ang mga pagkubkob at pag-atake ng kaaway. Sa panahong ito, ipinamalas niya ang pagkamapanlikha sa pangingibabaw sa mga kinaharap nilang suliranin katalad ng panggigipit ng kaaway sa suplay ng pagkain.

Hindi kailanman natitinag ang kanyang paniniwala sa pagtata-gumpay ng rebolusyon. Kabilang siya sa nakararaming muling nagpatibay at puspusang nagtaguyod sa mga saligang prinsipyo ng Partido sa harap ng mga tangka ng ilang traydor na baluktutin ito at lubhang pinsalain ang Partido at rebolusyonaryong kilusan. Nagambag siya nang malaki sa tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at sa higit na malalaking pagsulong ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan.

Rebolusyonaryong pamumuno

Pinakamatagal na kumilos si Ka Leo sa Cagayan Valley kung saan naglingkod siya sa pamunuan ng rebolusyonaryong kilusan. Sa pa-



Espesyal na Isyu Agosto 24, 2007

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at recomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

nahong ito, inabot ng rehiyon ang noo'y pinakamalaganap at masinsing pagmumulat at pag-oorganisa sa masa, at pinakamalawak na paglulunsad ng mga pakikibakang agraryo at paglalatag ng rebolusyonaryong kilusan.

Tampok sa mga pinamunuan niyang malalawak na pakikibaka ng libu-libong magsasaka para sa lupa ang paglaban noonng 1981-82 sa pangangamkam ng Hacienda San Antonio at Hacienda Sta. Isabel sa Ilagan, Isabela. Pinaugong niya at ng mga kasama ang panawagang "Labanan ang Kahirapan!" at "Lupa para sa mga Magsasaka at hindi bomba!" na nagsenyal ng pagrurok sa pagkilos ng laksang magsasaka sa buong Cagayan Valley laban sa pang-aapi at kahirapan. Ginising niyon ang pag-asa ng mga magsasaka na magkaroon ng sariling lupang mabubungkal mula sa mahigit sandaantaong pagging mga matalenante ng malalaking panginoong maylupa.

Masigasig at matiyaga siya sa pagtuklas at pagtuturo ng mapanlikhang mga paraan sa pakikibaka. Masipag niyang pinamunuan ang mga breyktru para igit ang karapatang-tao ng mamamayan sa gitna ng katindihan ng militarisasyon ng kaaway noon sa Cagayan Valley, sa panahong kailangang-kailangan pero hindi pa nakabubwelo ang mga hayag at ligal na antipasis-tang kilusang masa. Kabilang sa mga pinamumuan niyang breyktru ang mabilis at ligtas na pagkakabit ng mga anti-militarisasyong istri-mer at poster sa mismong tapat at pader ng mga kampo militar, sa mga poste sa haywey at sa mga gu-sali at bakod sa kabayanan.

Tampok sa mga pagkilos na ito ang malaking martsa ng mamamayan ng Baggao noonng 1979 para iprotesta ang pagpaslang ng militar sa lokal na lider magsasakang si Renato Diasan. Lumahok sa nasa-bing protesta si dating Sen. Jose

"Pepe" Diokno, isa sa mga nangunguna noong tagapagtuguyod at abugado para sa karapatang-tao. Nagsimulang lumarga mula noon ang sunud-sunod na mga pagkilos ng masa sa mga kabayanan at sa mismong mga kampo militar para ireklamo ang mga pasistang kara-hasan at pang-aabusong militar at igit ang pagpapalayas sa mga kampo militar.

Kilala si Ka Leo sa kanyang tiyaga at husay sa pagsisistematisa at pagpapalitim ng pag-aaral ng mga pagkilos at latag ng militar, laluna sa antas ng istratehiya at masasaklaw na plano at disposi-syon, at paghahapag ng mga ideya sa pagkontra sa mga ito. Masusi niyang pinag-aaralan ang iba't ibang mga planong *internal security operation* ng kaaway at kung papaano bibiguin ang mga ito.

Pinakahuli sa mga masugid na pinag-aralan niya ang Oplan Bantay Laya (OBL). Pagkakuha na pagkakuha ng kabuuang plano at mga detalye ng ekstensyon nito, ang OBL2, kaagad siyang naghahapag ng mga panukala para mabigo rin ito, katulad ng pagbigo ng rebolusyonaryong kilusan sa naunang bersyon nito at iba pang mas maagang *plan* ng kaaway.

Pasistang karaasan ng rehimeng Arroyo

Ilan nang konsultant pangkawayapaan ng NDFP ang dinukot at maaaring tuluyang pinatay na ng mga operatibang paniktik at militar sa ilalim ng rehimeng Arroyo. Ang pagdukot kay Ka Leo ay paglabag at walang pakundangang paglapastangan ng rehimeng sa mga kasanudan sa pagitan ng reaksyuna-ryong gubyerno at ng NDFP, gayundin sa mga pandaigdigang batas sa pagrespeto sa mga karapatang-tao at iba pang sibil at pampulitikang karapatan at sa mga pandaigdigang batas sa sibilisadong pakidigma. Kabilang sa mga ito ang Joint Ag-

reement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na gumagaran-tiya sa buhay at kaligtasan sa ares-to ng mga konsultant at istap ng NDF na lumalahok sa usapang pangkawayapaan, at ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Sa loob lamang ng anim na ta-on, mahigit isang libo nang mga aktibista at kritiko ng rehimeng Arroyo ang dinukot at pinatay ng mga pwersang militar at paramili-tar sa desperasyong supilin ang paglaban ng mamamayan Pilipino. Ipinatutupad ng rehimeng patakarang "huwag kumuha ng bi-langgo" at iba pang masasahol na patakarang lumalapastangan sa karapatang-tao at pandaigdigang alituntunin sa digmaan.

Kabilang sa mga konsultant ng NDFP na dinukot ng kaaway sina Kasamang Rogelio Calubad at anak niyang si Gabriel, Kasamang Prudencio Calubid at kanyang asa-wang si Celina Palma, si Kasamang Cesar Batralo at ang sibilyang si Gloria Soco. Dinukot din ang mga kabilang sa istap ng NDFP na sina Philip Limjoco, Leopoldo Ancheta, Federico Intise at asawa niyang si Nelly.

Inihapag na ng NDFP ang kani-lang mga kaso sa United Nations Working Group on Enforced Disappearances. Tinutukoy ng mga kasong ito ang responsibilidad ni Gloria Arroyo bilang Commander-in-Chief ng AFP sa pagdukot kay Ka Leo at iba pang mga konsultant at istap ng NDFP sa usapang pangkawayapaan. Naghahapag din ang iba't iba pang ligal na organisasyon at personahe ng mga kaso, reklamo at ulat sa Permanent People's Tribunal, sa United Nations High Commission For Human Rights (UN-HCHR) at sa iba pang pandaigdigang ahensya.

Gumawa na rin ng ulat ang Special Rapporteur (ispesyal na ta-

gapagsiyasat) ng UNCHR kaugnay ng nagaganap na malawakang eks-trahudisyal na pamamaslang, pag-dukot at iba pang karahasan sa mga aktibista, mga masugid na oposisyon at maging sa mga ino-senteng sibilyan. Nakapaglabas na ng mga depinidong hatol at kong-klusyon ang mga pandaigdigang korte at ahensyang ito na tunay na maysala ang rehimeng Arroyo at AFP.

Kongkretnong patunay ang mga ito ng pagsagasa ng teroristang rehimeng Arroyo at mga pwersang militar

nito sa prosesong pangkapayapaan at sampal sa lahat ng nananawa-gan at nagsisikap na muling buhay-in ang usapang pangkapayapaan.

Dapat labanan ng lahat ng mamayang nagmamahal sa kalayaan, demokrasya at kapayapaan ang mga pagdukot, pamamaslang, iba pang karahasan at pang-aapi sa kanila at ang kabuuang pasistang palakad ng rehimeng Arroyo at mga armadong pwersa nito.

Sisingilin ng mamayan at rebolusyonaryong kilusan ang rehimeng Arroyo sa kriminal na pag-

dukot kay Ka Leo Velasco at lahat ng iba pang pasistang krimen nito.

Dapat puspusan at tuluy-tuloy na isulong at paigtingin kapwa ang armadong rebolusyonaryong pakikibaka at ang mga hayag at legal na kilos protesta laban sa bulok at brutal na papet at reaksu-naryong rehimeng Arroyo. Dapat gawin ang lahat upang ito'y ibagsak at palitan ng isang malaya, demokratiko, makatarungan at maka-mamayang gubyerno at estado. **AB**



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Espesyal na Isyu

Agosto 27, 2007

www.philippinerevolution.org



ILITAW SI LEO VELASCO!

Sino si Ka Leo?

Si Kasamang Leo Velasco ay kabilang sa ilampung libong naglitawang magiting na mandirigmang Pilipino sa kanilang pakikibaka para sa pambansang kalaan, katarungan, demokrasya, kapayapaan at tunay na kaunlaran. Isa siya sa mahuhusay na lider ng rebolusyong Pilipino.

Sa araw ding ito, 56 na taon na ang nakararaan, ipinanganak si Ka Leo sa Olongapo, Zambales. Maaga siyang namulat sa api at di pantay na pagtrato sa mga Pilipinong manggagawa kumpara sa mga pribilehiyadong Amerikano sa Subic Naval Base, kung saan nagtrabaho ang kanyang ama. Sa paghahangad na maging manggagamot, pumasok siya sa College of Medicine ng University of the Philippines noong 1970 at sumapi sa Progresibong Kilusang Medikal (PKM). Sa inspirasyon ng Unang Sigwa ng 1970, masugid siyang lumahok sa pakikibaka para sa mga pambansa-demokratikong karapatan at interes ng sambayanan.

Estudyante pa lamang siya sa medisina'y may marubdob na pagnanais na siyang makapaglingkod sa mamamayan sa pamamagitan ng paggamot sa mga maysakit. Lumahok siya sa mga misyong medikal sa mga maralitang komunidad. Doo'y nakita niyang ang laganap na mga sakit ng tao ay sintomas lamang ng malalalim na sakit ng buong sistemang panlipunan.

Sa pagpapalalim ng pagsusuri ay nakita niyang nauugat ang mga ito sa mga saligang suliranin ng imperialismong US, laganap na pyudalismo at malalang burukrata kapitalismong humantong na sa pasismo. Nagpasya siyang ialay ang buong buhay sa puspusang pakikibaka para sa mga interes at adhikain ng mamayyan, lalong-lalo na ng masang anakpawis.

Mahigit nang anim na buwan mula nang garapang dukutin ng mga operatibang militar ng rehimeng Arroyo si Kasamang Leo Velasco sa Cagayan de Oro City. Sa harap ng maraming tao, sapisitan siyang isinakay ng mga militar sa kanilang *van*, kasabay ang pagpapakilala sa sarili bilang mga pwersang panseguridad at pagbabanta sa mga tao sa paligid na "huwag makialam."

Si Ka Leo ay isa sa mga namumunong kagawad ng Komite Sentral at upisyal ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral (KT-KS) ng Partido Komunista ng Pilipinas. Nagsisilbi rin siyang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa usapang pangkapayapaan sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Inaamin ng mga upisyal militar na si Ka Leo ay matagal na nilang gustong dakpin at patayin.

Mariing kinukundena ng PKP at buong rebolusyonaryong kilusan ang duwag na pagdokot kay Ka Leo, ang walang pakundangang paglabag sa kanyang mga kapatagan at ang patuloy na pagtanggi ng reaksyunaryong gubyerno at militar na ilitaw siya. Walang habas ang pasistang karahasan ng rehimeng Arroyo sa lahat ng masugid na lumalaban sa bulok na papet at reaksyunaryong gubyerno, estado at sistemang panlipunan.

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*